


# Edukasyon sa Pagpapakatao

Ikalawang Markahan – Modyul 8  
Kabutihan o Kasamaan ng Sariling

Pasya o Kilos



**Edukasyon sa Pagpapakatao – Ikasampung Baitang  
Alternative Delivery Mode  
Ikalawang Markahan – Modyul 8: Kabutihan o Kasamaan ng Sariling Pasya o Kilos  
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon  
Kalihim: Leonor Magtolis Briones  
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Annie Rose B. Cayasen, PhD

**Editor:** Thelma T. Dalay-on, EdD

**Tagasuri:** Jeanie Claire Y. Piggangay PhD

**Tagaguhit:** Julius K. Takimpay

**Tagalapat:** Joel F. Amerila

**Tagapamahala:** May B. Eclar, Ph.D. CESO V – Regional Director Florante  
E. Vergara- OIC Assistant Regional Director Carmel F.  
Meris, EdD – Chief Education Supervisor CLMD Rosita C.  
Agnasi PhD - Regional EPS - LRMDS  
Edgar H. Madlaing, EdD – Regional EPS – AP/ADM Focal Person

**Inilimbag sa Pilipinas ng \_\_\_\_\_**  
**Department of Education – Rehiyong Pampangasiwaan ng Cordillera**  
Office Address: Wangal, La Trinidad, Benguet  
Telefax: (074)-422-4074  
E-mail Address: car@deped.gov.ph

## Edukasyon sa Pagpapakatao

Ikalawang Markahan – Modyul 8:  
Kabutihan o Kasamaan ng Sariling  
Pasya o Kilos

## **Paunang Salita**

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.


Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



## *Alamin*

Walang sinumang tao ang makakapagsabi na palaging mabuti o tama ang kanyang mga pasya at kilos. May mga kilos at pasya na masama o hindi tama ngunit para sa gumagawa, ito ay tama. Mahalagang matutunan ng tao kung ano ang mga pasya at kilos na nararapat at di-nararapat upang maiwasang makasakit ng kapwa. Ang modyul na ito ay makakatulong saiyo upang masuri mo kung kasamaan o kabutihan ang idinudulot ng iyong mga pasya at kilos. Inaasahang malilinigang saiyo ang mga kakayahang ito:

1. Napatutunayan na ang layunin, paraan at sirkumstansya ay nagtatakda ng pagkamabuti o pagkamasama ng kilos ng tao (MELC 8.3).
2. Nakapagtataya ng kabutihan o kasamaan ng pasiya o kilos sa isang sitwasyong may dilemma batay sa layunin, paraan at sirkumstansya nito (MELC 8.4)



## *Subukin*

Bago mo simulan ang gawain sa modyul, sagutin mo ang mga sumusunod na panimulang pagsubok. Handa ka na ba?

Panuto: Basahing mabuti ang bawat pangungusap at unawain ang tanong. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

A. Ayusin ang letra na nakapaloob sa unahang saknong upang mabuo ang angkop na salita bilang sagot sa isinasaad ng pangungusap.

- \_\_\_ 1. (MAKATIKAONGLOS) – Ito ay bunga ng ating isip at kagustuhan para sa kabutihan ng lahat.
- \_\_\_ 2. (INLAYUN) - Ito ay tumutukoy sa panloob na kilos kung saan nakatuon ang kilos-loob na nais mangyari.

- \_\_\_ 3. (ARAPAN) - Ito ay tumtukoy sa panlabas na kilos na kasangkapan o paraan upang makamit ang layunin. Ito ay pangkasunodsunod ng mga gagawin ayon sa plano.
- \_\_\_ 4. (STARSIKUYAMIS)- Ito ang nakapagpapalala o nakapagpapabawas ng kabutihan o kasamaan ng isang kilos. Ito ay siyang mapappala. Mga mangyayari o kahihinatnan ayon sa ng pasya o kilos.
- \_\_\_ 5. (KINANTAHIHIA) – lahat ng kilos na ginagawa ng tao ay may kaakibat na dahilan, batayan at may kaakibat na pananagutan. Mga resulta ng pasya o kilos batay sa layunin at paraan ng pasya o kilos.

B. Ayusin ang mga pangungusap ayon sa kanilang pagkasunod-sunod ng hakbang sa pagpapasya gamit ang mga letrang (a.b.c.d.e). at isulat ang sagot sa sagutang papel;

- \_\_\_ 6. Kahihinatnan (projected outcome)
- \_\_\_ 7. Layunin (objective) ng nais bigyang pasya. Kilalanin ang nais makamit sa pagbibigay ng pasya.
- \_\_\_ 8. Pagsuri sa nagawang pasya. Bawat pasya ay kailangang tignan ang sanhi at ng magiging bunga nito.
- \_\_\_ 9. Pagkalap ng Impormasyon tungkol sa isyong nais pagpasyahan (gather information)
- \_\_\_ 10. Gumawa ng desisyon at isulat lahat.

C. Piliin ang tamang sagot ayon sa salik ng makataong kilos. Isulat ang salitang napili sa sagutang papel.

layunin	paraan	sirkumstansiya
---------	--------	----------------

- \_\_\_ 11. Pagnanais na makapagtapos ng pag-aaral.
- \_\_\_ 12. Di nakapag-tapos ng pag-aaral dahil sa maagang pag-aasawa.
- \_\_\_ 13. Ang batang gustong makatapos kahit hikahos ang buhay ay maaring maghanap buhay upang matustusan ang pag-aaral tulad halimbawa ng pagtitinda ng sagin.
- \_\_\_ 14. Ang mag-aaral na nais maging miyembro ng manlalaro tulad ng Sipaktakraw ay may kinakailangang plano tulad ng pagnanais na makapaglaro sa pambansang kompetisyon at maisakatuparan ang pagiging coach balang araw.
- \_\_\_ 15. Araw-araw na pumupunta ang isang bata sa silid-aklatan upang magsaliksik ng ideya na magagamit sa eksperimentong ginagawa.

**Aralin:**  
**1**

**Nasusuri ko ang kabutihan o kasamaan ng sarili pasya o kilos**

May mga desisyon at kilos ang tao na hindi pinag-isipang mabuti. Mahalaga ang masusing pag-aaral sa posibleng kahihinatnan ng ating mga pasya at kilos. Sa bawat alternatibo na ating pagpipilian ng mga kahihinatnan ng ating mga pasya at kilos, narapat lang na ang layunin ng tao ay tungo sa kabutihan. Subalit, minsan ito ay humahantong sa hindi kanais-nais na resulta. Kailang Ba masasabing may kabutihan o kasamaan na idinudulot ang isang pasya o kilos?



*Balikan*

Sa nakaraang aralin natutunan mo ang ang kahulugan ng mga salita na naiuugnay sa aralin tungkol sa makataong kilos. Atin itong balikan upang mapa-igting ang pag unawa sa mga susunod na leksiyon.

GAWAIN: Balik Tanaw

Panuto: Punan ng tamang letra ang bakanteng kahon sa crossword puzzle para mabuo ang mga salitang maiuugnay sa makataong kilos

			1.										1.	
			P										L	
3.	S		R	K		M	S	T		N	S		Y	A
													U	
		4.	K	A	H		H		N		T	N		N
				N										
													N	



## *Tuklasin*

### GAWAIN:

Panuto: Basahin ang sitwasyong napagusapan ng mga magkaibigan. Sagutin ang mga katanungan tungkol sa usapan. Isulat sa sulatang papel ang sagot.

### Paghahanda sa Intramurals

Ang samahan ng mga mag-aaral ay nagpulong upang paghandaan ang darating na Intramurals. Pinag-usapan nila ang mga paligsahang gaganapin sa kanilang paaralan. Nais ng samahan na makapagbigay aliw sa mga mag-aaral na hindi kailang magarbo at magastos. Iminungkahi ng presidente ng samahan na magkaroon ng ibat'ibang kumitiba upang paghatian ng samahan ang mga gawain. Nais niyang magkaroon ng maganda at malinis na entablado. Isang mag-aaral ang nagmungkahi ng pagbubudget sa baong pera ng mga mag-aaral at mag-ambagan upang makabili sila ng mga bulaklak at kukuha ng mag-aayos nito. Sinabi naman ng secretary na maaari namang sila-sila din ang mag-ayos ng entablado at magdala ng mga tanim sa paso ang iba upang idagdag sa palamuti sa entablado. Nagmungkahi rin ang bise presidente na siya na ang gugupit ng mga palamuti mula sa makukulay na papel. Ang tresurero ay nagsabi na mag-aambag siya ng recycled flower mula sa palstic na bote.

Sagutin mo:

1. Ano ang layunin ng samahan sa Intramurals?

---

2-3. Pumili ng dalawang mabuting paraan na minungkahi ng samahan?

---

---

---

4-5. Kung ikaw ang gagawa ng paraan, ano ang gagawin mo?

---

---

---





## *Suriin*

### Kabutihan o Kasamaan ng Pasya o Kilos

Ang pagpapasya ay ginagawa sa panahon na ikaw ay handa. Ganon din sa pagsasagawa ng kilos na dapat tinitimbang ang kabutihan na maidudulot nito. Ang panahon ng pagiging tinedyer ay minsan lang dumating sa buhay ng isang tao. Kapag ito'y lumipas na, ay hindi na maaaring ibalik pa kaya hindi dapat na sayangin.

Napakahalaga kung gayon na ang bawat kilos at pasiya sa panahong ito ay masusing pinag-iisipan dahil may maidudulot na masama o mabuting bunga sa hinaharap.

Ang pagpapatunay na ang layunin, paraan at sirkumstansya ay nagtatakda ng pagkamabuti o pagkamasama ng kilos ng tao. Ang mga salik o elemento na ito ay makikita sa makataong kilos.

### **Apat na salik ng makataong kilos**

1. Layunin - Ito ay tumutukoy sa panloob na kilos kung saan nakatuon ang kilos-loob na nais mangyari.
2. Paraan - Ito ay tumutukoy sa panlabas na kilos na paraan upang makamit ang layunin. Ito ay pangkasunodsunod ng mga gagawin ayon sa plano.
3. Sirkumstansiya - Ito ang nakapagpapalala o nakapagpapabawas ng kabutihan o kasamaan ng isang kilos. Mga mangyayari o kahihinatnan ayon sa ng pasya o kilos.
4. Kahihinatnan - lahat ng kilos na ginagawa ng tao ay may kaakibat na dahilan, batayan at may kaakibat na pananagutan. Mga resulta ng pasya o kilos batay sa layunin at paraan ng pasya o kilos.

### Hakbang sa mabuting pagpapasya

Ang tao ay may likas na kakayahang kilalanin ang mabuti at masama. Malalaman natin kung mabuti ang mga pasya o kilos kung ito ay mahalaga at nagbibigay kaligayahan. Mahalaga na walang masasaktan na tao sa pasya at dapat na naaayon sa moral ng tao. Walang balakid sa mga layunin at paraan ng

pagsagawa. Walang maling sirkumstansiyang dahil ang kahihinatnan nito a para sa kabutihan.

Ang sumusunod ay limang hakbang ng mabuting pagpapasya:

1. Layunin (objective) - mahalaga na sa paggawa ng pasya o kilos ay dahil sa nais o gustong makamit o makamtan.

Halimbawa:

Kahit nasa panahon tayo ngayon ng pandemya, ay nais pa rin matuto ng mga mag-aaral. Gusto ng karamihan na magkaroon ng cellpone kahit may radyong panhimpapawid (radio-based instruction) at mga modyul.

2. Pagkalap ng Impormasyon (gather impormation) - makinig sa mga payo ng matatanda at sinasabi ng mga eksperto. Maari din magtanong sa may nga mabubuting karanasan.

Halimbawa:

Dahil sa quarantine mahirap makipag usap sa mga kaklase at guro para makapag tanong sa mga leksiyon sa mga aralin. Maaring magpaturo sa mga nakatatanda sa bahay ng mga aralin. Pakinggan ang payo nila kung paano maisasagawa ang aralin upang matuto.

3. Kahihinatnan (projected outcome)- alamin ang idudulot nito sa kinabukasan. Ilista ang maaring mangyari sa mga pasyang isinulat at tignan kung mas nakararami ang mabuti kaysa masamang resulta.

Halimbawa:

Sa pag nanais na matuto sa mga leksiyon, gusto ni Zaldy na magkaroon ng cellpone kahit na may radyo at modyul naman. Pero dahil sa bagyong nagdaan nabaha ang kanilang bahay at nasira ang pananim ng pamilya. kung uunahin niya ang pagbili ng cellpone ay may magagamit siya sa pakikipag-usap sa guro at mga kakalase. Sa kabila nito ay mababawasan ang budget ng pamilya sa pambili ng binhi na muli nilang itanim maging ang pagpakumpuni ng kanilang bahay. Naisip ni Zaldy na gagamitin nalang niya ang radio at modyul upang makatulong sa pamilya.

4. Gumawa ng desisyon at itala ang paraan kung paano mapagtatagumpayan ang pasya o kilos.

Halimbawa:

Pinili ni Zaldy na gamitin ang radyo o modyul sa pag-aaral ng distant learning dahil mas matipid at di kinakailangang may internet. Matuto pa rin naman siya kung pagiigihan ang pagbasa nito at magpatulong sa mga kasama sa bahay.

5. Pagsuri sa nagawang pasya (evaluation)- ang nabuong planong na napagpasyahan ay masusing pag-aralan. Isa-isang basahin ang mga naisulat kung ito ay sumunod sa tamang proseso. Tignan kung walang nakasasagabal o nakasasakit sa kapwa tao. Mahalaga na alamin at naisin ang mabuti. Kilatisin ang mga partikular na kabutihan sa isang sitwasyon ayon sa prinsipyo. Isulat ang sanhi at bunga ng bawat pasya at maaring maging sirkumstansiya ng pasya sa kahihinatnan nito. Halimbawa:

Halimbawa:

Sa pagpili ni Zaldy ng radyo o modyular kay sa *cellphone* na pamamaraan ng pag-aaral ay kinakailangang suriin niya kung ano ang higit na kailangan batay sa kakayahan ng pamilya, paraan ng pagbili nito. Higit na maidudulot nito kung wala bang arternatibo na magagagamit. Sa pasya niyang gamitin ang radyo o modyular na pamamaraan ng pag-aaral ay matuto pa rin naman siya ayon sa hinihingi ng grado na kinabibilangan niya.



## Pagyamanin

### GAWAIN 1: Makataong kilos

Panuto: Suriin ang bawat sitwasyon at sagutin ang hinihingi ng bawat tanong sa hanay. Isulat ang sagot sa sariling sulatang papel.

#### Yapak ng Tagumpay

##### *Kuwento ni Annie Rose B. Cayasen*

Maagang naulila ang magkapatid na sina Donna at Don kaya kinupkop sila ng kanilang mga lolo't lola. Salat din sa pangangailangan ang mga lolo't lola nila kaya ay nagawa nilang magpalipat-lipat sa mga mga tiyahin upang sila ay may makain.

Sa bawat pamilyang tumutulong sa magkapatid, sinisikap nilang matumbasan ang tulong at palaging nakakintal sa isipan ang kanilang mga pangarap na makatapos sa pag-aaral. Madalas nilang isipin ang pagtanaw ng utang na loob sa mga taong tumutulong sa kanila.

Sa kanilang murang isip natuto silang magtrabaho hanggang makarating sa ika- sampung baitang ng walang maririning na hina-ing. Dahil matanda na ang mga lolo at lola si Donna ay natutong tumulong sa mga tiyahing magtinda ng saging at iba pang gulay at prutas tuwing Sabado. Ang pinagbilhan ay ginagamit na pambili ng pangkusina at mahahalagang gamit sa paaralan. Ang pagbili ng tsinelas ang pinakahuli sa prioridad niyang bilhin. Mas pinipili niyang tanggalin ang tsinelas kung madulas ang daan papuntang paaralan para magtagal ito at ng may magamit sa loob ng klase.

Si Don naman ay tumulong sa lolo at mga tiyuhin sa gawaing bukid. Siya ang tagakuha ng panggatong sa pamilya. Madalas din siya nakapaa dahil inilalaan din ang tsinelas para sa pagpasok sa paaralan.

Araw-araw ay binubuno nila ang putik ng nakayapak upang makarating sa paaralan. Maaga silang pumapasok para may oras na makapagbasa ng leksiyon ng nakaraang araw bago magsimula ang bagong aralin.

Sa huli nakatapos din sila ng ika-sampung baitang. Malapit ng matupad ang kanilang in-aasam.

Sagutin:

1. Ano ang mga layunin nina Donna at don?
2. Ano ang ginawang paraan ng magkapatid upang makatapos ng ika-sampung baiting?
3. May sirkumstansiya ba ang naging paraan ng magkapatid? Isaad kung mayron. Isulat ang salitang wala kung hindi nagkarron ng sirkumstansiya.
4. Sa kuwento ano ang kinahinatnan ng magkapatid sa ginawa nilang kilos upang makatapos ng ikasampung baitang

**Pamantayan sa pagbibigay ng iskor sa Gawain 3**

Napakahusay 10	Mahusay 8	Nalilinigang 5	Nagsisimula 2
Lahat ng mga kasagutan na naibigay ay makatotohanan at makatuwiran	May isang kasagutan na naibigay ang hindi makatotohanan at makatuwiran	May dalawang kasagutan na naibigay ang hindi makatotohanan at makatuwiran	May higit sa dalawa na kasagutan na naibigay ang hindi makatotohanan at makatuwiran

## GAWAIN 2: Pagpapasya

Panuto: Basahin ang kuwento at unawain ang mga hakbang

### Ang Liham ng Pagkakataon

*Sinulat ni Annie Rose B. Cayasen*

Nakatanggap ng liham ang buong klase ng ika-sampung baitang San Jose High School. Ito ay naglalaman ng mga pangalan ng mga nakapasa sa pagsusulit na kinuha ng lahat ng Grade 10 na mag-aaral para sa isang scholarship program sa senior high school.

Umaasam ang magkapatid na Donna at Don na makapasok sa Senior High sa susunod na pasukan. Ang mapabilang ang pangalan nila sa listahan ay magiging malaking tulong kung sakali na sila ay makatapos sa Senior High.

Kabado at tahimik ang magkapatid na Donna at Don habang binabasa ng guro ang mga pangalan ng mga pumasa. Matatandaang ang simpleng pangarap ng magkapatid ay makapag-aral at makapagtapos sa senior high school. Tanging ang scholarship na ito ang kanilang pag-asa.

Tahimik na nananalanging si Don habang naririnig niya ang mga pangalan ng mga pumasa. Ang kanyang panalangin na nawa'y isa man lang sa kanila ni Donna ay makapasa.

Hiyawan at tumatalon sa saya ang buong klase ng marinig ang pangalan ni Donna. Hindi matumbasan ang kasiyahan ni Don at napaluha pa nang marinig ang pangalan ng kapatid.

Hindi man nakabilang si Don ay maluwag parin niyang tinanggap ang resulta. Pwede siyang huminto at magtrabaho upang malikom ng gagamitin sa pasukan. Kung sakali man, maari din siyang mag *self-supporting* o mamasukan upang magtrabaho habang nag-aaral.

Nagsimula siyang nagtanong tanong sa lolo at lola kung pwede siyang mamasukan at magtrabaho habang nag-aaral. Nagtanong-tanong din siya kung saan siya maaaring mamasukan na pwedeng *stay in o* makikituloy sa bahay ng amo habang nag-aaral at nagtatrabaho. Humingi din siya ng payo sa mga guro at kaklase kung mabuti bang magtrabaho siya habang nag-aaral.

Naisip ni Don ang maaaring kahihinatnan kung sakaling hihinto siya ng pag-aaral. Ayaw niyang masayang ang isang taon at mahuli sa mga kaklase sa pagtapos ng *senior high school*. Naisip din niya n baka mahirapan siya sa mga

aralin. Higit sa lahat naisip niya ang mga lolo't lola niya na nangangailangan ng pagkalinga.

Kailangan niyang mamili para hindi masayang ang panahon. Nagpasya siya na ituloy ang pag-aaral gaano man ito kahirap.

Sa kanyang pagbabalik tanaw sa napagdaanan nilang magkapatid ay nalampasan din nila at napagtagumpayan ang mga pagsubok. Natanto niya, sa kanyang pagsusuri na mas mahihirapan siyang lalo pag huminto ng pag-aaral. Matanda na ang mga lolo at lola niya kailangan niyang mapagtagumpayan ang makapag-aral sa lalong madaling panahon. Ito ay upang makatulong siya sa pamilya lalo na pag nanghina na ang mga ito at nangangailangan ng pag alalay. May awa ang Diyos sambit niya.

Sa pagmuni-muni ni Don nakarinig siya ng sigaw. Tinatawag pala siya ng kanyang lola, “May liham ang tiyahin mo sa kabilang bayan” ang sabi, “basahin mo!”

Ang liham ay nagsasabing pumunta siya sa kanyang tiyahin pagkatapos ng grade 10 at ipapasok niya itong mamasukan habang nag-aaral ng Senior High. Sadya kayang may nakatadhanang sagot sa kanyang inaasam at panalangin?

Sagutin: Isulat ang angkop na salita sa unahan ng bawat pangungusap ayon sa tamang pagkasunodsunod ng mga hakbang sa pagpapasya. Nasa unang kahon ang pagpipilian ng sagot.

A. Layunin	B. Pagkalap ng Impormasyon	C. Kahihinatnan
	D. Pagpili ng pasya	E. Pagsusuri

Pagkasunod-sunod ng Hakbang	Mga pangyayari
	Natanto niya, sa kanyang pagsusuri na mas mahihirapan siyang lalo pag huminto ng pag-aaral.
	Nagsimula siyang nagtanong tanong sa lolo at lola kung pwede siyang mamasukan at magtrabaho habang nag-aaral. Naghanap din siya ng nagangailangan ng katulong.

	Nagpasya siya na ituloy ang pag-aaral gaano man ito kahirap.
	Umaasam ang magkapatid na Donna at Don na makapasok sa Senior High sa susunod na pasukan at tapusin ito.
	Kapag siya ay hihinto na lang muna sa pag-aaral. Masasayang ang isang taon at mas mahuhuli siyang makatapos ng <i>Senior High</i> . Kung magtatrabaho habang nag-aaral naman ay mahihirapan siya sa mga aralin at malalayo siya sa mga lolo at lola na nangangailangan ng kalinga.
	Masasayang ang isang taon at mas mahuhuli siyang makatapos ng <i>Senior High</i> . Kung magtatrabaho habang nag-aaral naman ay mahihirapan siya sa mga aralin at malalayo siya sa mga lolo at lola na nangangailangan ng kalinga.

### GAWAIN 3: Titimbangin ko ang kabutihan

Panuto: Tayahin ang pasiya at kilos sa bawat sitwasyon. Isulat ang Tama kung ito ay kabutihan at Mali kung ito ay kasamaan o walang maidudulot na mabuti.

- \_\_\_\_\_ 1. Sa panahon na may pandemya kinakailangan na bawat miembro sa pamilya na mamalagi sa bahay lalo na ang matatanda at ang may mga sakit. Kung sakaling ikaw lamang ang maasahan sa bahay na maaring mamalenke, sisikapin na gumamit ng proteksiyon tulad ng *mask*, *face shield* at higit sa lahat maghugas ng kamay sa tuwina.
- \_\_\_\_\_ 2. May baha na nangyari dahil sa bagyo. Napagpasyahan ng mga mag-aaral na tumulong ngunit kapos ang karamihan sa pera at wala ring maiaambag na donasyong kagamitan at pagkain. Pinili ng ilan na tumulong na lang mag impake sa mga donasyong nakalap ng barangay.
- \_\_\_\_\_ 3. Ang maagkaibigan ay piniling maglaro sa kalsada sa disoras ng gabi. Nagtatawanan pa at nagsisigawan sila. Pag may tao o tanod madaling takbuhan lang iyan sabi pa nila. Kahit may ipinalabas na curfew binaliwala pa nila ito.



- \_\_\_\_\_ 4. Kahit moderno ang panahon ngayon ang mga kababaihan ay dapat na mag-ingat at pangalagaan ang sarili. Magsuot ng damit ng desenteng damit. Iwasang maglakad ng nag-iisa lalo na sa gabi. Lumayo sa mga lasing. Seguraduhing nakasara ang siradura ng mga pintuan kapag matutulog na.
- \_\_\_\_\_ 5. Kahit may pambili ang mga magulang ng mga gadget kailangan na alagaan ang sariling kagamitan kahit hindi na ito uso. Ang mas mahalaga pwede parin magamit sa *distance learning*, yon bang maari kang makipagtawagan sa guro at kaklase tungkol sa inyong mga aralin. Kung may radyo at telebisyon manuod sa mga programang may aralin. Higit sa lahat magbasa ng mga libro na mayroon sa bahay para matuto.



## Isaisip

### GAWAIN:

Panuto: Punan ng angkop na salita ang mga patlang upang mabuo ang mga konsepto ng tungkol sa mabuting pagpapasya o kilos. Pumili ng salita na nasa mga kahon.

layunin	pasya	pagsuri
sirkumstansiya	kaligayahan	

### Hakbang sa mabuting pagpapasya

Ang pagpapatunay na may maidudulot na magandang resulta ang mabuting pagpapasya ay may batayan na salik ng makataong kilos. Ang mga salik na ito ay ang mga layunin, paraan at (1.) \_\_\_\_\_ ay nagtatakda ng pagkamabuti o pagkamasama ng kilos ng tao.


Ang tao ay may likas na kakayahang kilalanin ang mabuti at masama. Malalaman natin kung mabuti ang mga (2.) \_\_\_\_\_ o kilos kung ito ay mahalaga at nagbibigay (3.) \_\_\_\_\_. Maaring sundin ang mga hakbang ng mabuting pagpapasya upang magabayan sa tuwid na landas ang

pagpapasya tulad ng pagkakaroon ng (4.) \_\_\_\_\_ na mahalaga sa paggawa ng pasya o kilos kung saan mayroon nais makamit o makamtan; pagkalap ng Impormasyon; kahihinatnan; pagpasya o paggawa ng desisyon; at (5.) \_\_\_\_\_ sa nagawang pasya.



## Isagawa

**GAWAIN:** Panata ko sa bilang mag-aaral: Gumawa ng isang panata na magsisilbing gabay sa iyong buhay. Bakatin ang isang kamay o paa sa isang papel o cartoon at isulat ang napagpasyahang panata sa buhay. Gamitin ang hakbang sa pagpapasya ayon sa mga salik ng makataong kilos. Magsimula sa hinlalaki ng kamay o paa.



### 1. Pamantayan sa Gawain 7:

10	8	6	4
Ang sagot ay orihinal at ang mensahe ay lubos na nagpapatunay kabutihan o kasamaan ng pasya o kilos	Ang sagot ay orihinal at ang mensahe ay hindi lubos na kabutihan o kasamaan nagpapatunay ng pasya at kilos	Ang sagot ay hindi orihinal at ang mensahe ay hindi lubos na nagpapatunay ng kabutihan o kasamaan ng pasya o kilos	Ang sagot ay pawang hindi orihinal o ito ay kinopya lamang at ang mensahe ay hindi nagpapatunay ang kabutihan o kasamaan ng kilos



## Tayahin

Panuto: Basahing mabuti ang bawat pangungusap at unawain ang tanong. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

A. Ayusin ang letra na nakapaloob sa unahang saknong upang mabuo ang angkop na salita bilang sagot sa isinasaad ng pangungusap.

- \_\_\_\_\_ 1. (MAKATIKAONGLOS) ay bunga ng ating isip at kagustuhan para sa kabutihan ng lahat.
- \_\_\_\_\_ 2. (INLAYUN) - Ito ay tumutukoy sa panloob na kilos kung saan nakatuon ang kilos-loob na nais mangyari.
- \_\_\_\_\_ 3. (ARAPAN) - Ito ay tumutukoy sa panlabas na kilos na kasangkapan o paraan upang makamit ang layunin. Ito ay pangkasunodsunod ng mga gagawin ayon sa plano.
- \_\_\_\_\_ 4. (STARSIKUYAMIS)- Ito ang nakapagpapalala o nakapagpapabawas ng kabutihan o kasamaan ng isang kilos. Ito ay siyang mapappala. Mga mangyayari o kahihinatnan ayon sa ng pasya o kilos.
- \_\_\_\_\_ 5. (KINANTAHIHIA) – lahat ng kilos na ginagawa ng tao ay may kaakibat na dahilan, batayan at may kaakibat na pananagutan. Mga resulta ng pasya o kilos batay sa layunin at paraan ng pasya o kilos.

B. Lagyan ng letra (a, b, c, d, e) sa unahan ng pangungusap ayon sa pagkasunod-sunod ng hakbang sa pagpapasya.

- \_\_\_\_\_ 6. Kahihinatnan (projected outcome)
- \_\_\_\_\_ 7. Layunin (objective) ng nais bigyang pasya. Kilalanin ang nais makamit sa pagbibigay ng pasya.
- \_\_\_\_\_ 8 Pagsuri sa nagawang pasya. Bawat pasya ay kailangang tignan ang sanhi at ng magiging bunga nito.
- \_\_\_\_\_ 9. Pagkalap ng Impormasyon tungkol sa isyong nais pagpasyahan (gather information)
- \_\_\_\_\_ 10. Gumawa ng desisyon at isulat lahat.


C. Piliin ang tamang sagot ayon sa salik ng makataong kilos kung ito ay layunin, sirskumstansiya o paraan. Isulat ang salitang napili sa agutang papel.

- \_\_\_\_\_ 11. Pagnanais na makapagtapos ng pag-aaral.
- \_\_\_\_\_ 12. Di nakapag-tapos ng pag-aaral dahil sa maagang pag-aasawa.
- \_\_\_\_\_ 13. Kahit na mahirap ang pamilya ay namasukan bilang tagatinda ng saging upang matustusan ang pag-aaral.
- \_\_\_\_\_ 14. Ang pagpili na maging miyembro ng Sipaktakraw ay upang makapaglaro sa pambansang kompetisyon at maikasatuparan ang pagiging coach balang araw.
- \_\_\_\_\_ 15. Araw-araw na pumupunta ang isang bata sa silid-aklatan upang magsaliksik ng ideya na magagamit sa eksperimentong ginagawa.



### *Karagdagang Gawain*

Panuto: Sumulat ng sariling pilosopiya sa buhay kung paano maisasakatuparan ang mga pasya. Isulat sa kalahating parte ng sagutang papel at ito ay palamutian o kulayan.





# *Sanggunian*

Aklat

Hsieh, DM. "Aristotle on Moral Responsibility" Accessed August 14, 2020.

[https://enlightenment.supersaturated.com/essays/text/dianamertzhseh/aristotle\\_responsibility.html](https://enlightenment.supersaturated.com/essays/text/dianamertzhseh/aristotle_responsibility.html)

Nniacanishiore (2018). Retrieved on November 20, 2020 at.

<https://quizlet.com/Aniacanishiore>

Manangan, E. (2016). EsP 9 Modyul 8 Pakikilahok at Bolunterismo. Education.

Retrieved on November 20, 2020 at

<https://www.slideshare.net/ednaazarcon7/pakikilahok-at-bolunterismo>

Dinlayan, M. (2015). Edukasyon sa Pagpapakatao Modyul para sa ag-aaral Grade 7. Retrieved on November 20, 2020

<https://quizlet.com/328341116/layunin-paraan-sirkumstansya-at-kahihinatnan-ng-makataong-kilos-module-6-flash-cards/>

Slideshare.net. Retrieved on November 20, 2020 at

[https://www.google.com/search?q=paraan+ng+pagpapasya&rlz=1C1CHBF\\_enH926PH926&tbm=isch&source=iu&ictx=1&fir=0Syk0o3jJSjcNM%252C-NSZ08P3\\_b9eTM%252C\\_&vet=1&usg=AI4kQFrHSzRg6xdvFBiAwgPbdBjsXuhA&sa=X&ved=2ahUKEwiQrsO2lpPtAhUgyos\\_BHTRODW0Q9QF6BAGCEEs#imgrc=-1\\_DEknUd4cqM](https://www.google.com/search?q=paraan+ng+pagpapasya&rlz=1C1CHBF_enH926PH926&tbm=isch&source=iu&ictx=1&fir=0Syk0o3jJSjcNM%252C-NSZ08P3_b9eTM%252C_&vet=1&usg=AI4kQFrHSzRg6xdvFBiAwgPbdBjsXuhA&sa=X&ved=2ahUKEwiQrsO2lpPtAhUgyos_BHTRODW0Q9QF6BAGCEEs#imgrc=-1_DEknUd4cqM)

Taptara, X (2009). How to draw hands front and back. The art classes.com.

Retrieved on December 1 at

[https://www.google.com/search?rlz=1C1CHBF\\_enPH926PH926&source=univ&tbm=isch&q=drawing+of+hands&sa=X&ved=2ahUKEwit6Zv9haztAhWNv5QKHcnUCEoQ7A16BAGBEGo&csid=1606800546850281&biw=1280&bih=578#imgrc=Yu9M7pkqnOUqzM](https://www.google.com/search?rlz=1C1CHBF_enPH926PH926&source=univ&tbm=isch&q=drawing+of+hands&sa=X&ved=2ahUKEwit6Zv9haztAhWNv5QKHcnUCEoQ7A16BAGBEGo&csid=1606800546850281&biw=1280&bih=578#imgrc=Yu9M7pkqnOUqzM)

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex  
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: [blr.lrqad@deped.gov.ph](mailto:blr.lrqad@deped.gov.ph) \* [blr.lrpd@deped.gov.ph](mailto:blr.lrpd@deped.gov.ph)